



# COUNTY NG SAN DIEGO

## MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN  
Ika-19 ng Oktubre, 2018  
Kontak: Juanito R. Amor Jr. (858) 505-7257

### ANG DEADLINE PARA MAGPAREHISTRO PARA MAKABOTO AY SA IKA-22 NG OKTUBRE

Kung gusto ninyong bumoto sa Gubernatoryal na Pangkalahatang Eleksyon sa Ika-6 ng Nobyembre, dapat kayong magparehistro sa o bago mag-Lunes, Ika-22 ng Oktubre. Kung hindi kayo aabot sa deadline, maaari pa rin kayong magparehistro conditionally at bumoto ng probisyonal hanggang sa Araw ng Eleksyon ngunit kailangan ninyong magparehistro nang personal sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Kearny Mesa.

Kailangan ninyong magparehistro kung kayo ay:

- hindi kasalukuyang nakarehistro sa County ng San Diego
- kamakailang lumipat
- kamakailang nagpalit ng pangalan

Kung hindi kayo sigurado tungkol sa inyong rehistrasyon, tingnan ang inyong status online sa [sdvote.com](http://sdvote.com). Kung kayo ay hindi nakarehistro o kailangang baguhin ang inyong rehistrasyon, mahahanap din ninyo ang porma na iyon doon. Kung ang inyong pirma ay nakumpirma sa mga record sa Department of Motor Vehicles, ito ay awtomatikong ipapadala sa opisina ng Tagapagrehistro. Kung ang inyong pirma ay hindi nakumpirma, maaari ninyong i-print ang porma, pirmahan ito at ipadala ito sa Tagapagrehistro.

Para sa mga botanteng walang akses sa isang kompyuter, ang mga porma ng rehistrasyon ay makukuha rin sa mga opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante, U.S. Postal Service, Klerk ng Lungsod, mga pampublikong aklatan, at Department of Motor Vehicles. Para sa mga botanteng kailangan ng tulong sa wika, ang mga materyales sa eleksyon ay mayroon din sa Spanish, Filipino, Vietnamese at Chinese.

Ang mga porma ng rehistrasyon ay dapat may postmark o dalhin sa Tagapagrehistro sa o bago mag-Ika-22 ng Oktubre. Ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga botante ay magbubukas hanggang ika-8 ng gabi sa araw na iyon. Maaari ring magparehistro [online](#) hanggang hatinggabi.

Ang maagang pagboto ay kasalukuyang ginagawa sa opisina ng Tagapagrehistro sa Kearny Mesa, na nasa County Operations Center campus sa 5600 Overland Ave., San Diego, 92123. Maaaring doon maghulog ng balota ang mga botante mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon Lunes hanggang Biyernes hanggang sa Araw ng Eleksyon kung kailan ang oras ng botohan ay magbabago mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi upang sumalamin sa oras sa mga botohan. Ang Tagapagrehistro ay magbubukas din sa pagitan ng ika-8 ng umaga at ika-5 ng hapon sa Sabado, Ika-3 ng Nobyembre at Linggo, Ika-4 ng Nobyembre para sa weekend na pagboto.

Mayroon pang oras para mag-aplay para sa isang balotang pangkoreo kung iyon ang mas convenient. Ang mga nakarehistrong botante ay maaaring [humiling ng isang balotang pangkoreo](#) hanggang Ika-30 ng Oktubre.

“Dahil sa maraming bilang ng mga kontest, ang mga botante ay makakatanggap ng balota na maglalaman ng dalawang card na mayroong mga kandidato at isyu sa harap at likod. Sa balotang pangkoreo, maaari kayong maglaan ng sapat na oras at bumoto nang kumportable sa inyong tahanan,” sabi ng Tagapagrehistro na si Michael Vu. “Kapag



# COUNTY NG SAN DIEGO

# MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN  
Ika-19 ng Oktubre, 2018

namarkahan na ninyo ang inyong balota, ipadala ito agad at sisimulan na namin ang pagproseso nito para mabilang agad pagkasara ng mga botohan sa Araw ng Eleksyon.”

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa (858) 565-5800 o bisitahin ang [sdvote.com](http://sdvote.com).

###

**COUNTY**NEWSCENTER  